

PAUNAWA NG ELEKSYON AT PAGHAHAIN NG KANDIDATO LUNGSOD NG SANTEE

IBINIBIGAY DITO ANG PAUNAWA na ang isang **Pangkalahatang Eleksyon sa Munisipyo**, na pinagsama sa Pangkalahatang Eleksyon sa Buong Estado, ay gaganapin sa Lungsod ng Santee, California, sa **Martes, Nobyembre 5, 2024**, para sa mga sumusunod na Opisyal:

- Isang (1) Mayor – Buong termino ng 4 na taon**
- Isang (1) Miyembro ng Konseho ng Lungsod, Distrito 3 – Buong termino ng 4 na taon**
- Isang (1) Miyembro ng Konseho ng Lungsod, Distrito 4 – Buong termino ng 4 na taon**

Ang panahon ng paghahain ng kandidato para sa mga rehistradong botante ng Santee na gustong tumakbo para sa opisina ay magsisimula sa **Lunes, Hulyo 15, 2024**, at magtatapos sa Biyernes, Agosto 9, 2024. *Alinsunod sa Elections Code §10225, ang panahon ng paghahain ay maaaring pahabain hanggang 5:00 p.m., Miyerkules, Agosto 14, 2024, **para sa mga hindi nanunungkulan lamang, kung ang isang nanunungkulan ay hindi nag-file/kwalipikado.*** Ang mga packet ng kandidato ay makukuha sa Opisina ng Klerk ng Lungsod, 10601 Magnolia Avenue, Santee, sa normal na oras ng opisina. Ang oras ng opisina ay 8:00 a.m. – 5:00 p.m. Lunes hanggang Huwebes, at Biyernes, 8:00 a.m. – 1:00 p.m.

Kung walang sinuman o isang tao lamang ang nominado para sa isang elective office, ang appointment sa elective office ay maaaring gawin ayon sa isinaad ng Elections Code §10229 ng Estado ng California.

Ang mga botohan ay magbubukas sa pagitan ng mga oras ng 7:00 a.m. at 8:00 p.m. sa Araw ng Eleksyon. Para sa karagdagang impormasyon o para mag-iskedyul ng appointment para makakuha ng Candidate Packet, makipag-ugnayan kay Annette Ortiz, Klerk ng Lungsod, sa 619-258-4100, ext. 112.

/s/ Annette Fagan Ortiz, CMC
Klerk ng Lungsod

Petsa: Hulyo 1, 2024